

Magbigay ng iyong opinyon (Have your say): Mga modernong, digital na serbisyo

Enero 03, 2023 [Mga katanungan sa media](#)

Ang mga Albertan ay iniimbitahan na ibahagi ang kanilang mga opinyon tungkol sa kanilang mga pangangailangan, mga inaasahan at mga priyoridad sa pag-akses sa mga serbisyo ng pamahalaan sa online sa isang online na pagsisiyasat.

Maging namamahala man sa mga benepisyo, naghahanap ng abot-kayang pabahay at nangangalaga sa bata o nagre-renew ng lisensya sa pagmamaneho, ang mga Albertan ay gumagamit ng mga digital na solusyon nang higit pa kaysa dati.

Ang sektor ng teknolohiya at pagbabago ng Alberta ay isang puwersang nagtutulak sa pag-iiba-iba ng ekonomiya ng lalawigan. Napakahalaga na ang pamahalaan ay nakikisabay sa teknolohiya, kaya ang pamahalaan ng Alberta ay bumubuo ng isang digital na estratehiya upang gawing makabago ang mga serbisyo nito. Gagamitin ng estratehiya ang pagbabago at mga digital na teknolohiya sa buong pamahalaan upang makapaghatid ng mas mahusay, mas mabilis at mas matalinong mga serbisyo.

Bilang karagdagan sa pampublikong online na pagsisiyasat, makikipag-ugnayan ang pamahalaan ng Alberta sa mga pinuno ng industriya ng teknolohiya, mga post-sekondaryong institusyon, mga organisasyong pangkalusugan at mga Katutubong komunidad upang marinig ang kanilang mga saloobin sa kung paano sila mas mahusay na makikipag-ugnayan sa mga departamento ng pamahalaan ng Alberta. Makakatulong ang mga natipon na kabatiran na hubugin ang Digital na Estratehiya ng Alberta.

Ang pagsisiyasat ay makukuha para makumpleto ng mga Albertan hanggang Enero 24.

Mabilis na mga Katotohanan

- Gagabayan ng Digital na Estratehiya ng Alberta ang lalawigan sa paggawa ng mga makabagong teknikal na pangkat, mga proseso at pangkalahatang diskarte ng pamahalaan sa teknolohiya at pagbabago.
- Ang mga online na serbisyo ay nakakatipid ng oras at pera sa mga Albertan sa pamamagitan ng pag-aalis ng pangangailangang mag-book ng oras ng pahinga sa trabaho at gumawa ng mga pag-aayos sa paglalakbay at pangangalaga ng bata.
- Mayroong kasalukuyang mahigit sa 70 mga serbisyo ng pamahalaan sa online na magagamit ng mga Albertan anumang oras, kahit saan, gamit ang anumang aparato.
 - Mula noong tagsibol 2019, 30 mga serbisyo ng pamahalaan ang lumipat sa online.
 - Sa kasalukuyan, ang Teknolohiya at Pagbabago ay nagtatrabaho sa iba pang mga departamento upang magdala ng mahigit sa 20 mga karagdagang serbisyo sa online sa darating na taon.
 - Mula Enero hanggang Disyembre 2021, ang paggamit ng mga serbisyo ng pamahalaan sa pamamagitan ng alberta.ca ay tumaas ng mahigit sa 300 porsyento, na may akses mula sa isang mobile na aparato na tumaas ng 500 porsyento.
 - Ipinapakita ng kamakailang pananaliksik na 75 porsiyento ng mga Canadian ay nagpapahiwatig na ang mga serbisyo ng pamahalaan ay dapat na maging available sa online.

Kaugnay na impormasyon

- [Pakikipag-ugnay sa Digital na Estratehiya](#)

[Tingnan ang anunsyo na ito sa online](#)
[Silid ng balita ng Pamahalaan ng Alberta](#)
[Makipag-ugnayan sa pamahalaan](#)
[Kanselahin ang subskripsyon](#)